International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 31-40

# SKILLS OF STUDENTS IN FORMALISTIC ANALYSIS OF DIFFERENT LITERATURE AND DEVELOPMENT OF INTERTEXTUAL MODULE

**Kimberly G. Yucada**[1]
Department of Education, Koronadal National Comprehensive High School, City of Koronadal, South Cotabato, Philippines
kimberlyyucada@sksu.edu.ph

**Gracelyn C. Altaya**[2]
Graduate School, Sultan Kudarat State University, Tacurong City, Philippines
gracelynaltaya@sksu.edu.ph

## Abstract

This study focuses on students' skills in formalistic analysis of literary works and the development of an intertextual module to ensure that activities and interventions are appropriate for students struggling with these skills. The research used a descriptive-developmental design. Their ability in formalistic analysis of stories was measured using an original 50-question test. Based on the test results, it was found that students struggled with the elements of style and authorial perspective, which led to the creation of the intertextual module. This module underwent a thorough review by Filipino language experts to assess its validity and acceptability. The output of the study can be used as an additional tool to enhance reading, comprehension, and analytical skills through formalistic methods.

**Keywords:** literature, skills, intertextual module, test, formalistic analysis

## I. INTRODUKSYON

Ang kasanayan sa makabuluhang pagbasa ay mahalagang gawain upang pahalagahan ang isang akda. Sa kaparaanan ng gawaing ito napapalawak ang kaalaman at pagtanggap ng isang estudyante, kaya naman buong husay na nagtuturo ang mga guro dahil sa bawat tula, maikling kuwento, o dula, ay nakatatagpo ang mambabasa ng aral, gabay at mensahe na nagpapalawak sa kaalaman sa lipunanang ginagalawan. Ito ay mga layuning kailangang makamtan at tuwid na maintindihan ng isang estudyante. May mga paksa at kompetensi sa Filipino, partikular sa ikasiyam na baitang na nakasentro sa pagpapaunlad ng natamong kaalaman at pagsusuri ng akdang nagmula sa ibang bahagi ng Asya.

Ngunit, ang ulat na ipinalabas ng UNESCO *Institute for Statistics* (UIS): *Global Report* taong 2017, tinatayang 750 milyong tao na nasa hustong gulang ay walang alam sa pagbasa ng mga akda o maging sa pagsulat na lamang. Mula sa binanggit na populasyon sa itaas, lumalabas na 102 milyon mula dito ay nagmula sa pangkat na 15 hanggang 24 na edad, ibig sabihin ito ay nagmula sa sektor ng kabataan. Kaya naman, itinatag ng UNESCO ang *World Book Capital* (WBC), isang organisasyon na kumikilala sa kapangyarihan ng mga aklat at ang pagbabasa nito. Naniniwala ang UNESCO na ito ang magiging daan sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng kasanayan ng estudyante para higit na mapahalagahan ang anumang akda, sa sining at paniniwala ng isang bansa.

Sa ulat na inilathala ng *Programme for International Student Assessment* (PISA), halos wala ni isang estudyante sa Pilipinas ang nakapagkamit ng katanggap-tanggap na marka sa ikalimang lebel o pinakamataas na lebel ng pagsiyasat. Sa kabuoang 7,193 na numero ng mga estudyante mula sa 188 paaralan sa buong bansa na lumahok sa pagsusulit, tanging 7% lamang ang nakarating sa ikalimang lebel. Kaya lumalabas na walang pagbabago sa resulta na nakuha ng nasabing bansa noong 2018 sa resulta na ipinalabas ngayong 2022. Dahil dito, kumilos ang mga nararapat na ahensya upang matugunan ang mga binanggit na problema. Si Gatchalian, ang tagapangulo ng *Senate Committee on Basic Education*, ay nagpanukala ng batas na kilala bilang *Republic Act No.* 11713 o ang *Excellence in Teaching Education Act*. Layunin nito na pahusayin ang sistema ng edukasyon at magsagawa ng maraming pagsasanay para sa

mga tagapagdaloy ng klase sa buong bansa. Sa pamamagitanan naman ng *Senate Bill No.* 1604 o ang *Aral Program Act*, naglaan ng 10 bilyon na pondo ang gobyerno para sa mga gagawing interbensyon. Isa pang mahalagang hakbang ay ang pagpapatupad ng MATATAG K to 10 na kurikulum, ito ay naglalayong pahusayin at paunlarin ang edukasyon.

Nakababahala naman ang resulta ng pagsusulit sa ikasiyam na baitang ng Koronadal National Comprehensive High School (KNCHS). Lumabas sa ulat na mula sa una hanggang ikalawang markahang pagsusulit ngayong taong panuruang 2024-2025, mababa ang puntos ng pagkatuto sa pagbasa at pagsiyasat. Sa unang markahan, ang ikaanim na aytem mula sa kompetensi na: Nasusuri ang maikling kuwento batay sa: paksa, tauhan, pagkasunod-sunod ng mga pangyayari, estilo sa pagsulat ng awtor at iba pa (F9NG-Ia-b-41) ay mayroon lamang na 537 na estudyante ang nakatala ng wastong tugon mula sa kabuoang numero na 1561. Samantala sa ikalawang markahan, ang ika-17 na aytem mula sa ang kompetensi na: Nabibigyang-kahulugan ang imahen at simbolo mula sa binasang kuwento (F9PT-IIe-f-48) mayroong 640 na bilang ng mga estudyante ang nakakuha ng wastong tugon mula sa kabuoang numero na 1582. Sa kabuoan, marami pa ring estudyante sa ikasiyam na baitang ang nangangailangan ng karagdagang tulong sa pagbasa, pag-unawa, at pagsusuri ng isang akda.

Kaakibat nito, narito ang mga problemang natukoy ng tagapanaliksik mula sa mga unang pagsiyasat tungkol sa pagbasa ng isang akda. Una, habang patuloy na umuunlad ang mundo, lalo namang bumaba ang pagkatuto at pag-unawa. Problema pa rin pagpapanatili ng kawilihan ng mga estudyante sa pagsuri ng akda. Sa pahayag ni Antonio (2022), na parehong sinayasat nina Corpuz at Velasco (2019), hindi binibigyang pansin ng mga estudyanteng Pilipino ang pagpapakahulugan ng anumang akda. Saad pa niya, walang interes ang kabataan sa pagtukoy ng tradisyon at kaugalian sa tulong ng pagbasa. Isa ito sa mabigat na rason sa mababang lebel ng pag-intindi ng estudyante. Batay sa pananaliksik nina Alfatihah at Tiyas (2022) lumalabas na nagiging pangangailangan na lamang ang pagbasa upang matamo ang mithiin. Kung walang pangangailangan ay wala ring interes sa gawaing ito. Kaya lumutang ang problema sa pagpapatupad ng programa sa pagbasa.

Sa pananaliksik ni Hassan (2013), ang mga estudyante ay hindi nagsusuri ng buo’t kompletong akda. Umaasa sa lumalabas na buod ng maikling kuwento na makikita sa *internet*. Kaya't binanggit ni Mohammed (2021) sa kaniyang pagsusuri na ang pagdiskubre sa maikling kuwento ay nangangailangan ng pag-analisa sa buong sa estruktura pati sa tema, simbolismo, banghay, tauhan, at iba pang mga aspeto (Al-Ami, 2016; Herman at Vervaeck, 2019; Kurts at Scober, 2001). Ang mahinang kaalaman sa pagbasa at pagsiyasat ay nakakaimpluwensiya sa pagkatuto ng isang indibiduwal (De Guzman, 2019). Natuklasan na karamihan ay tumatalakay sa pagbasa, pag-analisa at pagsusuri kung saan nakikita ang lebel sa kasanayan sa pagkilala, komprehensibong kaalaman na may kaugnay sa pagsusuri ng akda, komprehensiyon at pagpapaunlad sa kakayahan ng pagbasa. (Quintino, et al., 2021; Lorico, 2021; Mandado, 2021; Aclan, et al., 2019; Perez, 2019, Gonzales, 2018).

Sa tulong ng datos na inilahad at mga pagsusuri na ibinahagi tungkol sa pagkilala at pag-intindi, naging hamon sa tagapanaliksik upang alamin ang kasalukuyang suliraning sa pagpapalawak ng konseptong Filipino mula sa ikasiyam na baitang ng KNCHS. Hindi maganda ang kinalabasan ng pagsusulit sa unang dalawang markahan na ang paksa ay umiikot sa pagkilala, pagsiyasat, at pagsusuri ng mga akda mula sa Asya, tulad ng kuwento, epiko at iba pa. Karapat-dapat na bigyan ng pansin ang ganitong problema, kaya pinagtuonan ng pansain ang kakayahan sa pormalistikong pagtuklas ng akda upang angkop ang gawain at interbensyon sa mga estudyanteng nahihirapan sa nasabing kasanayan.

**Layunin ng Pag-aaral:**

Ang pananaliksik ay nakatuon sa kasanayan sa pormalistikong pagsusuri ng mga akdang pampanitikan ng mga estudyante sa Baitang 9- Dao ng Koronadal National Comprehensive High School at pagbuo ng intertekstuwal na modyul.

**Mga Tiyak na Layunin:**

1. Malaman ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pormalistikong pagsusuri ng maikling kuwento mula sa Baitang 9- Dao ng Koronadal National Comprehensive High School batay sa elementong tauhan, tagpuan, tema, suliranin, banghay, simbolismo, estilo ng paglalahad at pananaw.

2. Matukoy ang antas ng baliditi ng nabuong intertekstuwal na modyul ng maikling kuwento batay sa mga sumusunod na indikeytor: nilalaman, disenyo at organisasyon ng kagamitan, kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan, pagtatasa, kakayahang mabasa at sanggunian at pinagmulan ng sipi.
3. Mabatid ang antas ng akseptabiliti ng nabuong intertekstuwal na modyul ng maikling kuwento bilang kagamitang pampagtuturo ng mga guro batay sa mga sumusunod na indikeytor: baliditi ng nilalaman, kapakinabangan/dami ng paggagamitan, kagalingan, kalinawan at katiyakan at katangian ng pamamaraan.
4. Mabatid ang antas ng akseptabiliti ng nabuong intertekstuwal na modyul ng maikling kuwento bilang kagamitang pampagtuturo ng mga estudyante batay sa mga sumusunod na indikeytor: baliditi ng nilalaman, kapakinabangan/dami ng paggagamitan, kagalingan, kalinawan at katiyakan at katangian ng pamamaraan.
5. Matukoy ang makabuluhang kaibahan sa akseptabiliti ng mga guro at mga mag-aaral sa nabuong intertekstuwal na modyul.

**Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral**

**Akdang Pampanitikan**

Ang akdang pampanitikan ay sining na kumakatawan sa ideya, emosyon, karanasan at pananaw ng tao gamit ang wika. Kabilang sa mga halimbawa nito ang tula, epiko, kuwento, sanaysay at iba pang anyo na may layuning magbigay-aliw, magturo ng tamang asal, o magpahayag ng mga ideya. Ang anumang uri ng akdang panitikan ay nagbibigay ng kapangyarihan, nagpapalawak ng imahinasyon, nagsasabi ng wastong pamantayan ng tama at mali upang umiral ang pansariling pag-unald ng mga mambabasa (Ewing 2021; Mambrol 2017; Bañez et., al 2019).

Ang akdang pampanitikan katulad ng maikling pagsalaysay ay isang babasahin na may limitado lamang ang haba, karaniwang nagsasalaysay ng pangyayari, karanasan, o isyu na kinsasangkutan ng ilang tauhan. Ito ay kakitaan ng mahahalagang elemento tulad ng simula, gitna at wakas, maging ang tauhan, tagpuan at banghay. Sa kabila ng pagiging maikli, ito ay nakapagbibigay ng makabuluhang mensahe o aral sa mambabasa.

Natuklasang may kaalaman ang mga estudyante sa isang akda kapag naglalaman ng pagmamahal sa pamilya, paggalang, pagpapahalaga sa buhay at pagbabahagi ng karanasan. Ang aral na napulot ng mambabasa mula sa maikling kuwento ay magiging gabay sa pamumuhay (Cuizon 2014; Sarkar 2018; Stevenson 2019). Sa kabilang banda, lumalabas na mahalaga ang pagbasa ng akdang pampanitikan katulad ng maikling kuwento upang maikintal sa isip at puso ng isang estudyante ang mensahe na dapat matutuhan.

Mayroong malaking pakinabang ang pagbasa ng maikling kuwento dahil napapahusay nito ang bokabularyo, oral na kakayahan o ang pakikipagkomunikasyon ng mga estudyante (Rodriguez 2017; Bañez et., al. 2019). Ibig sabihin malaki ang papel ng maikling kuwento sa pagpapahusay ng kakayahan ng isang estudyante.

**Pormalistikong Pagsusuri**

Ang pagsusuri ng isang akda ay hindi madali ngunit mahalaga. Hindi ito basta-bastang pagbasa lamang kundi ito ay pag-unawa sa ideyang nais ipabatid ng manunulat. Ito ay masusing pag-unawa, pagsusuri, o pag-aaral sa anumang nais matutuhan ng isang mambabasa. (San Juan 2005; Cajurao 2018; Angel 2019). Dito, inalam ng tagapanaliksik ang kakayahan sa pagsiyasat ng mga estudyante sa ibang akda at naging pundasyon sa paggawa ng interbensyon sa pagpapalawak ng kaalaman.

Kailangan munang siyasatin nang maigi ang teksto upang lalong mapalalim ang pag-intindi. Layunin ng pormalistikong pananaw na malaman ang estruktura, anyo at paraan ng pagkakabuo ng isang akda. Nangingibabaw sa pagsusuri ang tono, simbolo, tauhan, tagpuan, banghay, tema, pundo de vista, estilo ng pagsasalaysay at paningin (Maiwald 2011; Reyes 2006; Cuizon 2014). Ang pagsusuri katulad nito ang magiging unang hakbang ng mga estudyante sa pagtalunton ng isang akda.

Ang estratehiyang ito ay lubhang nakatutok sa mismong anyo ng panitikan. Nangangahulugan itong higit na pinagtutuonan ang sangkap ngunit hindi na ito umiikot sa mga simpleng tanong tulad ng ano, sino at saan. Ito ay isang makabagong panunuri ng akda na maaaring nakatuon sa paano magbabago ang pag-uugali ng tauhan sa pagresolba ng suliraning nararanasan sa kuwento at marami pang iba (Meneses 2021; Vallecera 2019; Salas 2013; Almario 2006). Masasalamin na ang mga binanggit na pananaliksik sa orihinal na talatanungan ng mananaliksik sapagkat nakatuon ito sa makabagong paraan ng panunuri o tinatawag na *new criticism.*

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 31-40

**Baliditi ng Modyul**

Upang maging katanggap-tanggap ang isang kagamitang pampagtuturo, nararapat na dumaan ito sa proseso upang masukat ang baliditi nito. Mahalaga ang baliditi ng modyul sa pagpapahusay ng edukasyon, konektadong mga layunin, kaangkupan sa pangangailangan at maaaring epekto sa pang akademikong tagumpay, sa parehong pangkat ng mga estudyante at mga tagapagturo (Galang at Lano 2019; Villanueva 2021).

Sa opinyon ni Shunk (2020) mahalaga ang isinasagawang balidasyon upang matiyak na walang maling impormasyon na makapagdudulot ng kalituhan o maling pagkatuto, dahil sa pamamagitan ng baliditi ay higit na nagiging mabisa ang pagtuturo at pagkatuto (Tyler 2019; Gagne 2017). Sa pagtuklas na ito, hinalaw ang pamantayan ng balidasyon ni Francisquite (2011) na sumasaklaw sa iba pang aspekto mula sa nilalaman, disenyo at organisasyon ng kagamitan, kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan, pagtatasa, kakayahang Mabasa at panghuli ang sanggunian at pinagmulan.

**Akseptabiliti ng Modyul**

Ang akseptabiliti o pagtanggap ay tumutukoy sa napagkasunduan ng guro at estudyante kung paano gagamitin ang awtput. Ang mataas na kalagayan ng akseptabiliti ay isang indikasyon na epektibo ang kagamitan, ngunit hindi ito pagtanggap lamang ng awtput kundi nahikayat at natuto mula dito (Delos Reyes 2019; Anderson 2020; Lopez 2021).

Hinalaw ng mananaliksik ang pamantayan nina Literal (2023) at Peteros (2020) para sa pagsukat ng akseptabilidad sa ginawang awtput ng pag-aaral. Saklaw nito ang layunin, nilalaman, *format*, presentasyon, organisasyon at pagsasanay. Kapag ang awtput na modyul na naaayon sa kahiligan ng estudyante higit na makikilahok sa inihandang gawain at nagiging masikap ang mga mag-aaral (Rivera 2022; Bacerra 2022; Castillo 2022).

## II. METODOLOHIYA

**Lugar ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay inilunsad sa KNCHS-JHS, sa Lungsod ng Koronadal, Probinsiya ng Timog Cotabato.

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

Ang partisipante ng pagsaliksik ay mga estudyante sa Baitang 9- Dao ng KNCHS. Ang baitang at pangkat na nabanggit ay may pangkalahatang numero na 50 na estudyante. Ito ang tanging pangkat na mayroong kaugnayan sa mananaliksik kung saan naobserbahan ang mababang resulta ng sa pagkilala, pagsiyasat at pagsuri sa isang akda.

**Paraan ng Pangangalap ng Datos**

Sa pagtipon ng datos at mahahalagang impormasyon, una ay sumulat ng liham pahintulot sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Sultan Kudarat State University. Kasunod nito ay humingi ng pahintulot sa Tanggapan ng Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Dibisyon at sa punong-guro ng KNCHS. Kasunod nito ang pagbigay ng liham sa mga nabanggit na opisina.

Pagkatapos maaprobahan ang tagapagsaliksik, dumako na sa pagpapabalideyt ng talatanungan at kasunod nito ay ang pagsagot ng estudyante upang makuha ang angkop na datos. Nagsagawa ng pag-analisa ng resulta at bumuo ng intertekstuwal na modyul ang mananaliksik na nagsilbing awtput ng gawaing ito.

Bago pa man ang balidasyon at pagtukoy sa ng akseptabilidad ng nabuong intertekstuwal na modyul, nagsagawa ng *Content Validity Index* (CVI). Ang prosesong ito ay makabuluhan upang masukat at masigurado ang awtput ng pananaliksik sapagkat magsisilbi itong isa sa kagamitang pampagtuturo na maaaring iaplay at sundin ng mga tagapagdaloy ng klase at estudyante sa KNCHS.

## III. PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT PAGPAPAHALAGA

### Antas ng Kasanayan sa Pormalistikong Pagsusuri

Ang pormalistikong pagsusuri ng kuwento ay paraan ng pagsusuri na nakapokus sa nilalalaman at estruktura ng akda. Sa pamamaraang ito, binibigyang pansin ang mga bahagi nito.

**Talahanayan 1. Antas ng Kasanayan sa Pormalistikong Pagsusuri**

| Elemento | SD | M | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Tauhan | 1.26 | 2.88 | Katamtaman |
| Tagpuan | 1.16 | 2.81 | Katamtaman |
| Tema | 1.36 | 3 | Katamtaman |
| Suliranin | 1.64 | 3.38 | Katamtaman |
| Banghay | 1.60 | 3.72 | Mataas |
| Simbolismo | 1.59 | 2.8 | Katamtaman |
| Estilo ng Paglalahad | 1.28 | 2.35 | Mababa |
| Pananaw | 1.05 | 1.65 | Mababa |
| Kabuoan | 10.94 | 2.82 | Katamtaman |

Lumabas sa resulta na mula sa walong mga sangkap ng maikling kuwento na ginamit sa pormalistikong pagususri, ang **Banghay** ay may kabuoang *mean* iskor na 3.72 (SD= 1.60) na may deskripsyon na mataas ang antas ng kasanayan ng mga estudyante sa elementong ito. Samantala ang **Pananaw** ay may kabuoang *mean* iskor na 1.65 (SD= 1.05) na may katumbas na deskripsyong mababa ang antas ng kaalaman ng mga estudyante sa elementong ito. May katamtamang antas naman ng kasanayan ang mga estudyante sa mga elementong tauhan (*mean*= 2.88, SD= 1.26), tagpuan (*mean*= 2.81, SD= 1.16), tema (*mean*= 3, SD= 1.36), suliranin (*mean*= 3.38, SD= 1.64), at simbolismo (*mean*= 2.8, SD= 1.59). Ang sunod na elemento na nakakuha ng mababa na antas ng kasanayan ng mga estudyante ay ang estilo ng paglalahad na may kabuoang *mean* iskor na 2.35 (SD= 1.28). Sa kabuoan, ang lumabas na resulta sa antas ng kasanayan ng mga estudyante sa pormalistikong pagsusuri ay may *mean iskor* na 2.82 (SD= 10.94) na may deskripsyon na katamtaman.

Katunayan, nakasaad sa Gabay Pangkurikulum sa ikapito hanggang sa ikasampung baitang ang layunin sa pagtuturo ng Filipino. Ayon dito, inaasahang maipamalas ng estudyante ang mataas na lebel ng pagkatuto sa akdang pampanitikan at mapabuti ang kanilang kasanayan sa komunikasyon, mapanuring pagsiyasat at pagpapahalaga sa panitikan (K to 12 Curriculum Guide, Mayo 2016). Ito ay masusing pag-alam, pag-iksamen o pagsiyasat sa anumang nais malaman ng isang mambabasa (San Juan 2005; Cajurao 2018; Angel 2019).

### Antas ng Baliditi ng Intertekstuwal na Modyul

Ang intertekstuwal na modyul ay kagamitan sa pagtuturo na nakatuon sa layunin at pangangailanagan ng tagagabay sa klase at mga estudyante. Sinuri at sinukat ito ayon sa mga pamantayan tulad ng nilalaman, disenyo at organisayon ng kagamitan, kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan, pagtatasa, kakayahang mabasa at sanggunian.

**Talahanayan 2. Resulta ng Antas ng Baliditi ng Intertekstuwal na Modyul**

| Pamantayan | SD | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| 1. Nilalaman | 0.11 | 4.95 | Napakabalido |
| 2. Disenyo at organisayon ng kagamitan | 0.14 | 4.90 | Napakabalido |
| 3. Kalidad ng teksto at anyo ng kagamitan | 0.00 | 5.00 | Napakabalido |
| 4. Pagtatasa | 0.14 | 4.90 | Napakabalido |
| 5. Kakayahang Mabasa | 0.00 | 5.00 | Napakabalido |
| 6. Sanggunian at pinagmulan | 0.50 | 4.70 | Napakabalido |

| | | | |
|---|---|---|---|
| ng sipi | | | |
| **Kabuoan** | **0.14** | **4.90** | **Napakabalido** |

Lumabas na pareho lamang ang puntos ng pamantayan sa balidity ng awtput. Ang kalidad ng teksto (M=5.00; SD=0.00), kakayahang mabasa (M=5.00; SD=0.00), nilalaman (M=4.95; SD=0.11), kasunod nito ang disenyo at organisasyon ng kagamitan at pagtatasa (M=4.90; SD=0.14) at panghuli ay sanggunian at pinagmulan ng sipi (M=4.70; SD=0.50) na pare-parehong nakakuha ng deskripsiyong napakabalido. Kaya, ang antas ng balidity ng intertekstuwal na modyul bilang awtput ng pagsiyasat ay nagtala ng *mean* iskor na 4.90 (SD- 0.14) na may deskripsiyong napakabalido.

Angkop naman ang isinagawang balidasyon ng intertekstuwal na modyul upang maging katanggap-tanggap ang isang kagamitang pampagtuturo, nararapat na dumaan ito sa proseso upang masukat ang balidity nito. Mahalaga ang balidity ng modyul sa pagpapahusay ng sistema ng edukasyon, pagkakaugnay-ugnay ng layunin, kaangkupan sa pangangailangan ng estudyante at sa pang-akademikong tagumpay, hindi lamang para sa estudyante kundi maging ang tagapagdaloy sa klase (Galang at Lano 2019; Villanueva 2021).

**Antas ng Akseptabiliti ng Intertekstuwal na Modyul ng mga Guro**

Sinipat ito ayon sa mga pamantayan tulad ng layunin, nilalaman, pormat, presentasyon at organisasyon, panghuli ay pagsasanay.

**Talahanayan 3. Resulta ng Antas ng Akseptabiliti ng Intertekstuwal na Modyul Bilang Kagamitang Pampagtuturo ng mga Guro**

| Pamantayan | SD | Mean | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| 1. Layunin | 0.24 | 4.92 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Nilalaman | 0.37 | 4.82 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Pormat | 0.41 | 4.79 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Presentasyon at organisasyon | 0.12 | 4.96 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 5. Pagsasanay | 0.38 | 4.83 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoan** | **0.30** | **4.86** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Ang pamantayan sa presentasyon at organisasyon ay may *mean* iskor na 4.96 (SD=0.12), sinusundan naman ito ng layunin na nakakuha ng mean iskor na 4.92 (SD=0.24), ang pagsasanay ay nakatala ng mean iskor na 4.83 (SD=0.38), samantala ang nilalaman ay may mean iskor na 4.82 (SD=0.37) at panghuling pamantayan ay ang pormat na may mean iskor na 4.79 (SD=0.41) na pare-parehong nakakuha ng deskripsyong lubos na sumasang-ayon. Sa kabuoan, ang antas ng akseptabiliti ng intertekstuwal na modyul bilang kagamitang pampagtuturo ng mga guro ay may mean iskor na 4.86 (SD= 0.30) na may pangkalahatang deskripsyon na lubos na sumasang-ayon.

Sumang-ayon naman ang isinagawang akseptabiliti ng itertekstuwal na modyul sa isang pananaliksik na kapag mataas ang antas ng pagtanggap o akseptabiliti ay isang indikasyon na epektibo ang kagamitan, ngunit hindi ito pagtanggap lamang ng awtput kundi nahikayat at natuto mula dito (Delos Reyes 2019; Anderson 2020; Lopez 2021). Masasabing ang awtput ng pananaliksik ay makabuluhan at lubos na sinang-ayunan ng tagapagdaloy sa klase.

**Antas ng Akseptabiliti ng Intertekstuwal na Modyul ng mga Mag-aaral**

Siniyasat ito ng mga estudyante ayon sa mga pamantayan tulad ng layunin, nilalaman, pormat, presentasyon at organisasyon, panghuli ay pagsasanay.

**Talahanayan 4. Resulta ng Antas ng Akseptabiliti ng Intertekstuwal na Modyul Bilang Kagamitang Pampagkatuto ng mga Mag-aaral**

| Pamantayan | SD | Mean | Deskriptibong Antas |
|---|---|---|---|
| 1. Layunin | 0.45 | 4.63 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 2. Nilalaman | 0.47 | 4.60 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 3. Pormat | 0.47 | 4.65 | Lubos na Sumasang-ayon |
| 4. Presentasyon at organisasyon | 0.50 | 4.62 | Lubos na Sumasang-ayon |

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 31-40

| | | | |
|---|---|---|---|
| 5. Pagsasanay | 0.50 | 4.62 | Lubos na Sumasang-ayon |
| **Kabuoan** | **0.48** | **4.63** | **Lubos na Sumasang-ayon** |

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang akseptabiliti ng nabuong intertekstuwal na modyul bilang kagamitang pampagkatuto ng estudyante. Ang pormat ay may mean iskor na 4.65 (SD= 0.47), ang layunin ay may mean iskor na 4.63 (SD= 0.45), sinusundan naman ng presenatsyon at organisasyon at pagsasanay na may parehong mean iskor na 4.62 (SD= 0.50) at panghuli ay ang nilalaman na may mean iskor na 4.60 (SD= 0.47) na pare-parehong nakakuha ng deskripsyon na lubos na sumasang-ayon. Bunga nito, ang antas ng akseptabiliti ng intertekstuwal na modyul bilang kagamitang pampagkatuto ng mga estudyante ay may mean iskor na 4.63 (SD= 0.48) na may pangkabuoang deskripsyong lubos na sumasang-ayon.

Sinasabing, kapag ang awtput na modyul ay naaayon sa interes ng estudyante ay higit na makikilahok sa gawain at nagiging aktibo ang mga estudyante (Rivera 2022; Bacerra 2022; Castillo 2022). Ito ay nagpapatunay na kailangan malaman muna ang pangangailanagan ng estudyante maging ang kagustuhan at karanasan bago pa man gumawa ng isang makabuluhang awtput sa pagkatuto.

**Makabuluhang kaibahan sa Akseptabiliti ng mga Guro at mga Mag-aaral sa Intertekstuwal na Modyul**

Ang pagsusuri sa kalidad ng intertekstuwal na modyul ay isang mahalagang hakbangin tungo sa makabuluhang resulta. Saklaw nito ang pamantyan na layunin, nilalaman, *format*, presentasyon, organisasyon at pagsasanay.

**Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagtanggap ng mga Guro at Mag-aaral sa Intertekstuwal na Modyul**

| Pangkat | SD | Mean | t-value | p-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|
| Guro at Mag-aaral | 0.19 | -.20 | -4.070 | .001 | May makabuluhang kaibahan |

*0.05 antas ng kahalagahan*

Mula sa resulta, lumabas na mas mataas ang *t-computed value* (-4.070) kaysa sa *p-value* (.001) na nangangahulugang mayroong makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng akseptabiliti ng mga guro at mga estudyante. Nagpapahiwatig ito ng istadistikang kahalagahan kaya tinatanggap ang haypotesis na mayroong tunay na pagkakaiba sa antas ng akseptabilidad sa pagitan ng tagapagdaloy sa klase at estudyante.

Masasabing malaki ang kontribusyon ng pamantayan na hinalaw sa pananaliksik nina Literal (2023) at Peteros (2020) sa pagsukat ng akseptabilidad ng tagapagdaloy at estudyante sa nabuong awtput dahil naging makabuluhan ang lumabas na resulta. Maituturing itong kapaki-pakinabang sa pagpapaunlad at pagpapahusay ng nabuong intertekstuwal na modyul.

**Konklusyon**

Mayroong pundasyon ng kaalaman ang estudyante tungkol sa ilang elemento ng maikling kuwento tulad ng tauhan, tagpuan, suliranin, tema, banghay at simbolismo. Ngunit sa kabilang banda, mayroong mababang antas ng kasanayan sa mga elementong estilo ng paglalahad at pananaw. Ang resultang ito ay hindi dapat ipagwalang bahala at dapat higit na pagtuunan ng pansin upang lalong mapataas ang kahusayan at kaalaman ng estudyante sa pagsuri ng isang maikling kuwento gamit ang pormalistiko.

Mataas naman ang antas ng balididiti ng intertekstuwal na modyul bilang awtput ng pananaliksik na ito. Ipinahihiwatig lamang na ang modyul ay isang balidong kagamitang pampagtuturo.

Lubos naman na sinang-ayunan at tinanggap ng mga tagapagdaloy sa klase ang nabuong intertekstuwal na modyul. Ito ay nagpapatotoo na nakatuon ang mga inihandang layunin sa kompetensi, madaling maunawaan, malayo sa kalituhan at kakitaan ng mga gawain na makatutugon sa suliranin sa pagsusuring pormalistiko.

Katulad ng tagapagdaloy sa klase, lubos na sinang-ayunan rin ng estudyante ang intertekstuwal na modyul. Masasabing mayroong positibong pananaw at pagtanggap ang mga estudyante tungo sa modyul na maging parte ng pagkatuto sa pagsusuri ng teksto.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 31-40

Nagtala naman ng makabuluhang kaibahan sa antas ng pagtanggap ng tagapagdaloy kaysa sa estudyante sa intertekstuwal na modyul bilang awtput ng pananaliksik. Maiuugnay ito sa resulta ng antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pormalistikong pagsusuri na nagsasabing mababa ang kasanayan sa ilang elemento ng maikling kuwento.

**Rekomendasyon**

Iminumungkahi na dapat sundin ng tagapagdaloy ng klase ang layunin na nakasaad sa Gabay Pangkurikulum sa Filipino 9 upang makamit ang mataas na kasanayan sa lahat ng kompitensi na nakasaad dito.

Hinihikayat ang tagapagdaloy ng klase na gamitin ang intertekstuwal na modyul bilang karagdagang kagamitan sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagbasa, pag-unawa at pagsuri gamit pormalistikong pamamaraan.

Hinihimok ang tagapagdaloy ng klase na sundin ang mga inihandang gawain na matatagpuan sa intertekstuwal na modyul upang matugunan ang suliranin sa pagsusuring pormalistiko.

Maaaring magsagawa ng panibagong akseptabiliti ng intertekstuwal na modyul sa mas mataas na pangkat upang magkaroon ng iba pang makabuluhang resulta.

Paunlarin pa ang kabuoang nilalaman at konsepto ng intertekstuwal na modul upang matamo ang pangangailangan ng mga estudyante.

Para sa susunod pang mga tagapanaliksik, pag-aralan ang mga elementong nagtala ng mababang antas ng kasanayan sa pormalistikong pagsusuri at mga salik na nakaaapekto dito.

**Mga Sanggunian**

Acharya, A. S., Prakash, A., Saxena, P., & Nigam, A. (2013). Sampling: Why and how of it. *Indian Journal of Medical Specialties, 4*(2), 330-333. https://doi.org/10.7713/ijms.2013.0032

Almario, V. (2006). *Pag-unawa sa ating pagtula: Pagsusuri at kasaysayan ng wikang Filipino*. ANVIL Publishing House Inc.

Al-Alami, S. (2016). The power of short stories, novellas and novels in today's world. International Journal of Language and Literature, 4(1), 21-35. http://dx. doi.org/10.15640/ijllv4n1a3

Angel, D. J. R. (2019). Kakayahan sa pagsusuri ng tula. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 3(9), 181-187

Balisalisa, C.et. al, (2024). Word Network AssociationActivities:Pagpapalawak Ng Bokabularyo Sa Filipino Ng Mga Mag-Aaral Sa Ikasiyam Na Baitang. *EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR), 10 (9)*

Bañez, M. (2019). Cognitive models and literary competence of junior high school students. *Pupil: International Journal of Teaching Education and Learning*. http://bit.ly/3ahlO1E

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. International Journal of Arts, Sciences and Education, 3(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Cajurao, D. (2018). Iba't ibang mukha ng kababaihan sa mga piling akda nina Liwayway A. Arceo at Ruth Elynia S. Mabanglo: Isang feminismong pagsusuri (Unpublished thesis). Pamantasang Estado ng Kanlurang Bisayas, Lungsod ng Iloilo.

Cuizon, R.I. (2014). Meta analisis sa pagsusuri ng maiikling kwento sa mga tesis at disertasyon. *Asia pacific journal of multidisciplinary research, 2, 25*. Retrieved from: http://bit.ly/2Tj0SRS

Decena, A. J. (2021). A Survey on the Reading Difficulties Of K-12 Learners In Selected Tagalog-Speaking Provinces: Basis for Intervention . International Journal of Arts, Sciences and Education, 1(2), 219–226. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/61

Department of Education. (2019). *Filipino curriculum guide*. Department of Education. https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2019/01/Filipino-CG.pdf

Ewing, R. (2021). *The role of imaginative literature in children*. Foundation for Learning and Literacy. https://www.foundationforlearningandliteracy.info/wpcontent/uploads/2021/07/The-role-of-imaginative-literature-in-children.pdf

Frost, J. (2022). *Purposive sampling: Definition & examples*. Statistics by Jim. https://statisticsbyjim.com/basics/purposive-sampling/

Gatchalian, S. (2023, December 6). *Gatchalian calls for action to address education quality and equity challenges*. Senate of the Philippines. https://legacy.senate.gov.ph/press_release/2023/1206_gatchalian.asp

Hasan, S. A. (2013). Teachers' and students' perceptions towards improving vocabulary through using short stories in the EFL classroom [Unpublished master's thesis]. Near East University.

Herman, L., & Vervaeck, B. (2019). Handbook of narrative analysis (2nd.) University of Nebraska Press.

Kurtz, V., & Schober, M. F. (2001). Readers' varying interpretations of Theme in short fiction. Poetics, 29(3), 139-166. https://doi.org/10.1016/S0304-422X(01)00040-7

Maiwald, P. (2011). Exploring a corpus of George MacDonald's fiction. Retrieved from http://bit.ly/2XnZHCn

Meneses, J. (2021). Pagkatuto sa asignaturang Filipino sa panahon ng bagong kadaywan. Retrieved from https://www.researchgate.net/publication/356937256_Pagkatuto_sa_Asignaturang_Filipino_sa_Panahon_ng_Bagong_Kadawyan

Organization for Economic Co-operation and Development. (2022). *PISA 2022 results (volume I and II): Country notes - Philippines*. OECD. https://www.oecd.org/en/publications/pisa-2022-results-volume-i-and-ii-country-notes_ed6fbcc5-en/philippines_a0882a2d-en.html

Reyes, S. R. (1997). *Pagbasa ng panitikan at kulturang popular: Piling sanaysay 1976-1996*. ADMU Press.

Rodriguez, G. (2017). Students' language skills development through short stories. *Íkala, Revista de lenguaje y cultura.* Retrieved from: http://bit.ly/2Tm3y1i

Salas, E. (2013). Pormalistikong dulog sa pelikulang *Way Back Home*. Retrieved from https://www.slideshare.net/aluring/pormalistikong-pagdulog-sa-pelikulang-way-back-home-19998983

San Juan, G. P. (2005). *Panunuring pampanitikan*. Booklore Publishing Corp.

Sarkar, S. (2018). Impact of the short stories of R. N. Tagore on the language development of the children. *International journal of research and analytical reviews*. (Vol. 5, Issue 5). Retrieved from: http://bit. ly/2I5Rk7N

Singh, S. (2003). Simple random sampling. In *Advanced sampling theory with applications* (pp. 71-136). Springer, Dordrecht.

Smith, J., & Johnson, A. (2019). *Pros and cons of sampling*. Retrieved from:https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/58765080/Pros_and_cons of_sampling-libre.pdf?1554136080=&response-content-

Stevenson, N. (2019). Developing cultural understanding through storytelling. *Journal of Teaching in Travel & Tourism*, *19*(1), 8-21. Retrieved from: http://bit.ly/2Vzjgc2

UNESCO. (2021). *UNESCO's World Trends Report mobilizes press freedom advocates around the world*. https://www.unesco.org/en/articles/unescos-world-trends-report-mobilizes-press-freedom-advocates-around-world?hub=707

Vallecera, E. (2019). Pagsusuri sa mga piling maikling kuwento ni Liwayway